REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-012**

**KAUTUSAN NA IPINAGBABAWAL ANG MGA HINDI AWTORISADONG "BARKER" SA MGA LANSANGAN AT TERMINAL NG PAMPUBLIKO O PAMPASADANG BUS, DYIP AT TRAYSIKEL SA NASASAKUPAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA PARA SA LALABAG DITO.**

***********************************************************************

Ipinanukala nina:
***Kgg. Lucio B Constantino***
***Kgg. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Bal Niefes***
***Kgg. Nicanor L. Echavez***
***Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Raul R. Corro***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Victor L. Ulanday***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Artemio A. Simundac***

***********************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (5), (v at vi)** ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihang magpatibay ng mga kautusan na makakatiyak sa epiktibo at maayos na pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasaayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan at pampublikong lugar; pagtatalaga o pagpapanatili ng hintuan at terminal ng mga bus, dyip;

(vi) Pagsasaayos o pamamahala ng trapiko sa lahat ng mga lansangan at ang pagbabawal sa mga nakakasagabal dito;

**SAPAGKAT,** ang "**barker**" ay isang tao na nagtatawag ng mga pasahero sa di-awtorisado o di-itinakdang terminal upang sumakay sa isang pampubliko o pampasadang bus, dyip at traysikel;

**SAPAGKAT,** ang pananatili ng mga hindi awtorisadong barker sa lansangan at di-itinakdang terminal ng Lungsod ay labis na nakakasagabal sa daloy ng trapiko dahil ang mga pampubliko o pampasadang bus at dyip ay walang pakundangang pahinto-hinto o pausad-usad ng takbo sa mga lansangan at hindi sa akreditado o itinakdang terminal na nagiging sanhi ng pagkakabuhol-buhol ng trapiko;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ang mga hindi awtorisadong barker ay isang nagiging dahilan upang ang ilan sa mga tagapagpatupad ng trapiko (traffic enforcer) ay matuksong tumanggap ng lagay sa mga drayber o konduktor ng pampubliko o pampasadang bus at dyip na pahinto-hinto o pausad-usad ng takbo sa lansangan upang magsakay ng kanilang pasahero;

**SAPAGKAT,** ang pagbabawal ng mga hindi awtorisadong barker sa lansangan at di-akreditado o di-itinakdang terminal ay labis na makapagbibigay ng kasiyahan at kaluwagan, hindi lamang sa mga drayber at konduktor ng pampubliko o pampasadang bus at dyip na nagpapakahirap at legal na pumipila sa akreditado o itinakdang terminal o sakayan, kundi lalo't higit sa normal na daloy ng trapiko;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**SEKSIYON 1.** ***SAKOP.*** Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga hindi awtorisadong barker na nagtatawag ng mga pasahero ng pampubliko o pampasadang bus, dyip at traysikel sa mga lansangan at terminal ng Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 2.** ***KAHULUGAN NG MGA SALITA.*** Sakaling ang mga salita ay gagamitin, ito ay may mga sumusunod na kahulugan:

a. **BARKER** - isang tao na nagtatawag ng mga pasahero sa di-awtorisado o di-itinakdang terminal upang sumakay sa isang pampubliko o pampasadang bus, dyip at traysikel;

b. **KONDUKTOR** - legal at awtorisadong taga-singil ng pamasahe at tagatawag ng mga pasahero ng pampubliko o pampasadang bus sa isang akreditado o itinakdang terminal, sakayan o himpilan;

k. **DRAYBER** - legal at awtorisadong tagapagmaneho ng isang pampubliko o pampasadang bus, dyip at traysikel;

d. **TERMINAL** - lugar na ginagawang himpilan, hintayan o sakayan ng mga pasahero ng pampubliko o pampasadang bus, dyip at traysikel;

**SEKSIYON. 3.** Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng mga hindi awtorisadong barker na magtawag ng mga pasahero sa lahat ng lansangan at di-akreditado o di-itinakdang terminal.

Ang Muntinlupa Traffic Management Bureau (MTMB), Traffic Environment and Discipline (TED) o mga Deputadong Kawani nito ay binibigyan ng malawak na kapangyarihan upang ipatupad ang probisyon ng Kautusang ito.

Inaatasan din ng Kautusang ito ang Tagapamahala ng mga pribadong terminal na isumite ang talaan ng mga awtorisadong barker nito sa Tanggapan ng MTMB/TED;

**SEKSIYON 4.** ***EKSEMSIYON (Exemption).*** Ang Kautusang ito ay hindi paiiralin sa mga sumusunod na dahilan:

1. Kung ang isang tao ay awtorisadong tagatawag ng mga pasahero sa isang akreditado o itinakdang terminal ng Lungsod;

2. Kung ang isang tao ay may kaukulang Identification Card (ID) na pirmado ng Tagapamahala ng akreditado o itinakdang terminal;

3. Kung ang isang tao ay mismong kawani at tumatanggap ng sahod sa isang akreditado o itinakdang terminal; at

4. Kung ang isang tao ay may sertipikasyon buhat sa Tanggapan ng MTMB/TED;

**SEKSIYON 5.** Sinumang hindi awtorisadong barker na mahuling lumalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

a. **UNANG PAGLABAG-** Multang Limang Daang Piso (P500.00) o pagkabilanggo ng isang (1) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

b. **IKALAWANG PAGLABAG-** Multang Isang Libong Piso (P1,000.00) o pagkabilanggo ng dalawang (2) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

k. **IKATLONG PAGLABAG-** Multang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) o pagkabilanggo ng tatlong (3) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman.

**SEKSIYON 6.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang pagpapatibay at paglalathala sa alinmang hayag na lugar ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-20 ng Setyembre, 2001,** sa ginanap na **ika-7** Regular an Sesyon..

*Pahina 4*
*Kautusang Panlungsod Blg. 01-012*

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ATTY. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ATTY. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, Jr.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



***HINDI SANG-AYON:***

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

***HINDI LUMAHOK:***

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

***LIBAN:***

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko nag katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ______________

***LITO SALAMAT, JR//073101***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196